


Pangalan: ________________________________________

| Aralin 3 | Mga Kagamitan sa Pagguhit |
|---|---|

## Pagyamanin

**Panuto:** Tukuyin kung anong kagamitan sa sining ang ipinakikita ng bawat larawan. Piliin ang iyong sagot sa loob ng kahon.

| lapis | dahon | uling | krayola | sinamay |
|---|---|---|---|---|

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

LIVEWORKSHEETS

## Isaisip

- ✓ Kinakailangan ang iba't ibang klase ng mga materyales upang makagawa ng sining.
- ✓ Ang lapis, krayola, at papel ay mga halimbawa ng karaniwang gamit sa sining.
- ✓ Maliban sa mga karaniwang gamit sa pagguhit maaari ring gumamit ng mga lokal na materyales tulad ng dahon, uling, balat ng kahoy, at sinamay.

## Isagawa

**Panuto:** Tingnan ang mga larawang makikita sa ibaba. Lagyan ng tsek (✓) kung ito ay nagpapakita ng mga kagamitan sa pagguhit at (✕) naman kung hindi. Isulat ang letra sa loob ng kahon.

1.  ☐

2.  ☐

3.  ☐

4.  ☐

5.  ☐

LIVEWORKSHEETS

# *Tayahin*

**Panuto:** Basahing mabuti ang mga pangungusap sa ibaba. Piliin ang tsek (✔) sa patlang kung ang pangungusap ay tama, ekis (✖) naman kung ito ay mali.

______1. Gamit ang lapis at papel, maaari tayong lumikha ng ideya at damdamin.

______2. Hindi na kailangan ng krayola at *watercolor* sa pagguhit ng makukulay na bagay.

______ 3. Kailangan laging bumili ng mga mamahaling kagamitang pansining ang isang batang tulad mo.

______ 4. Si Alfred ay laging nagwawagi tuwing may *Poster Making Contest* sapagkat siya ay mahusay gumuhit.

_______5. Maaaring ipagamit sa bunsong kapatid ang *watercolor* bilanglaruan.

# *Karagdagang Gawain*

**Gawain A**. Ilagay sa wastong lugar ang mga bahagi ng mukha.





LIVEWORKSHEETS

| Aralin 4 | Pagguhit ng mga Halamang Nagpapakita ng Iba't Ibang Hugis, Linya at Kulay |
|---|---|

# Pagyamanin

Napakahalagang malaman natin ang iba't ibang uri ng linya, hugis, kulay at tekstura sa pagguhit ng mga bagay sa paligid lalo na sa mga halaman.

**A. Panuto:** Basahing mabuti ang pangungusap at Piliin ang letra ng wastong sagot.

1. Ito ay ginagamit upang maging kaaya-ayang tingnan ang isang obra.
   A. kulay B. linya C. sinamay
2. Uri ng linya na nagtataglay ng bilis o bagal.
   A. pakurba B. tuwid C. wala sa nabanggit
3. Anong hugis ang mabubuo kapag iniikot ang iyong baywang?
   A. bilog B. parisukat C. tatsulok
4. Nais ni Agnes na gumuhit ng dahon ng halaman. Anong kulay anggagamitin niya?
   A. asul B. berde C. pula
5. Makabubuo tayo ng hugis______, kapag ginamitan ng tatlong patpat.
   A. biluhaba B. parihaba C. tatsulok

B. **Panuto:** Basahing mabuti ang mga pangungusap sa ibaba. Piliin ang sa tsek (✔) kung ang pangungusap ay tama, at ekis (✖) naman kung ito ay mali.

◯ 1. Ang sining ay tanging dalubhasang tao lamang ang makagagawa

◯ 2. Laging nag-aayos ng mga halaman at bulaklak si Aleng Celia, kaya siya matatawag na isang artist.

◯ 3. Gamit ang ulam at kanin, tayo ay makabubuo ng halaman.

◯ 4. Ang kaalaman sa pananahi ay may malaking naiambag sa ating lipunan.

◯ 5. Si Mang Jose ay mahusay lumilok ng mga kasangkapang yari sa kahoy, kaya umangat ang kanyang buhay.

LIVEWORKSHEETS

## Isaisip

Ang linya, hugis, at kulay ay mga elemento ng sining na ginagamitupang lumikha ng isang bagay. Magagamit mo ang mga kaparehong linya at hugis sa pagguhit ng larawan ng ibang tao. Gawin mong mas makapal o manipis o kaya ay mas mahaba o maikliang linya na iyong gagamitin.

Gamit ang lapis at krayola, iguhit sa kahon ang larawan ng iyong tatay, nanay, at ang iyong saliri.

## Tayahin

**Panuto:** Iguhit ang hugis puso (♥) kung tama ang pangungusap at bituin (☆) naman kung mali.

_______1. Ang pagguhit ng araw ay kinukulayan ng dilaw.

_______2. Gamit ang *hula hoop*, tayo ay makabubuo ng hugis bilog.

_______3. Ang sahig ay isang halimbawa ng linyang patayo.

_______4. Ang pangkulay ng buhok ay maaaring gamitinsa obra.

_______5. Ang alon ng dagat ay isang halimbawa ng pakurbang linya.

LIVEWORKSHEETS

# Karagdagang Gawain

**Panuto:**,Tukuyin ang pangalan ng kulay. Gumuhit ng linya para iugnay ang kulay sa kanyang pangalan.



berde

pula

kahel

dilaw

kayumanggi

lila

itim

asul

abo

rosas

puti

LIVEWORKSHEETS